



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2023-0020
Title	“Increase of Monthly Limits on Cataract Claim Reimbursements Per PhilHealth-Accredited Health Care Professional”

Tanong	Sagot
1. Ano ang PhilHealth Circular No. 2023-0020?	<p>Polisiyang nagsasaad ng panibagong limitasyon sa cataract procedures na babayaran ng PhilHealth sa mga accredited health care professionals na nag-o-opera ng katarata para sa mga adult na pasyente.</p>
2. Bakit kailangang baguhin ang limitasyon?	<p>Para tugunan ang patuloy na pagtaas ng “blindness and visual impairment” sa ating bansa ayon sa mga pag-aaral. Ang katarata ay isa sa mga dahilan ng visual impairment o pagkabulag sa Pilipinas.</p> <p>Ang pagtaas ng limitasyon ay para matulungan ang mga pasyente sa mga gastusin sa pagpapaopera ng katarata. Ang “financial risk protection” ay isa sa mga mandato ng PhilHealth ayon sa Universal Health Care Act (RA 11223) at National Health Insurance Act of 2013 (RA 7875 as amended).</p>
3. Ano ang mga Relative Value Scale (RVS) codes na covered ng polisiya?	<p>Ang mga Relative Value Scale (RVS) codes na napapaloob sa limitasyong ito ay ang mga sumusunod: 66982, 66983, 66984, and 66987.</p>
4. Ano ang mga polisiya na patuloy pa rin na ipapatupad sa implementasyon ng PC No. 2023-0020?	<p>Ang mga probisyon na nakasaad sa PhilHealth Circular No. 018-2015 (Guidelines on the Diagnosis and Management of Uncomplicated Cataract in Adults) katulad ng exemptions sa limitasyon at iba pang probisyon na nakasaad sa PC No. 2016-014 [Annex 2-List of Procedure Case Rates (Revision 3.0) and Supplementary Guidelines for All Case Rates] ay patuloy na ipatutupad.</p> <p>Sa mga nasabing circulars, patuloy pa rin ang pagpapatupad ng quality of care, patient safety, at proteksyon sa unethical practices.</p>



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.

2023-0020

Title

“Increase of Monthly Limits on Cataract Claim Reimbursements Per PhilHealth-Accredited Health Care Professional”

5. Kailan ipatutupad ang polisiya?

Ang PhilHealth Circular No. 2023-0020 ay ipatutupad labing limang araw (15 days) matapos mailathala sa Official Gazette o pahayagang ng pangkalahatang sirkulasyon.